# PAUNAWA SA MGA GAWAIN TUNGKOL SA PAGKAPRIBADO

**INILALARAWAN NG PAUNAWANG ITO ANG KUNG PAANO MAAARING MAGAMIT O MAISIWALAT ANG MEDIKAL NA IMPORMASYON TUNGKOL SA IYO AT KUNG PAANO MO MAA-ACCESS ANG IMPORMASYONG ITO. MANGYARING BASAHIN ITO NANG MABUTI.**

Kung mayroon kang anumang katanungan tungkol sa paunawang ito, mangyaring makipag-ugnayan sa SacValley MedShare sa: info@sacvalleyms.org

## KUNG SINO ANG SUSUNOD SA PAUNAWANG ITO

Dapat sundin ng lahat ng entidad, site, at lokasyon ng SacValley MedShare ang mga tuntunin ng paunawang ito. Bilang karagdagan, maaaring magbahagi ng medikal na impormasyon sa isa't isa ang mga entidad, site, at lokasyon na nag-a-access sa impormasyong makukuha sa SVMS HIE para sa mga layunin ng paggamot, pagbabayad, o pagpapatakbo ng pangangalagang pangkalusugan na inilarawan sa paunawang ito.

## ANG AMING PANGAKO TUNGKOL SA MEDIKAL NA IMPORMASYON

Nauunawaan namin na personal ang medikal na impormasyon tungkol sa iyo at sa iyong kalusugan. Nakatuon kami sa pagprotekta sa medikal na impormasyon tungkol sa iyo. Nalalapat ang paunawang ito sa lahat ng talaan ng iyong pangangalaga na naa-access sa pamamagitan ng Pagpapalitan ng Impormasyon sa Kalusugan ng SacValley MedShare.

Sasabihin sa iyo ng paunawang ito ang kung sa aling mga paraan maaari naming gamitin at ibunyag ang medikal na impormasyon tungkol sa iyo. Inilalarawan din namin ang iyong mga karapatan at ilang partikular na obligasyon namin tungkol sa paggamit at pagsisiwalat ng medikal na impormasyon.

Inaatasan ng kami batas na:

- Siguraduhin na pinananatiling pribado ang medikal na impormasyon na nagpapakilala sa iyo (na may ilang partikular na mga eksepsiyon);
- Ibigay sa iyo ang paunawang ito ng aming mga legal na tungkulin at mga kasanayan sa pagkapribado kaugnay ng medikal na impormasyon tungkol sa iyo; at
- Sundin ang mga tuntunin ng paunawa na kasalukuyang may bisa.

## KUNG PAANO NAMIN MAAARING GAMITIN AT ISIWALAT ANG MEDIKAL NA IMPORMASYON TUNGKOL SA IYO

Inilalarawan ng mga sumusunod na kategorya ang iba't ibang paraan ng paggamit at pagsisiwalat ng medikal na impormasyon. Hindi lahat ng paggamit o pagsisiwalat sa

isang kategorya ay ililista. Gayunpaman, lahat ng paraan na pinahihintulutan kaming gumamit at magsiwalat ng impormasyon ay mapapabilang sa isa sa mga kategorya. Gagawin lamang nang may pahintulot mo ang mga paggamit at pagsisiwalat na hindi inilarawan sa Paunawa sa mga Gawain tungkol sa Pagkapribado na ito.

*ABISO NG PAGLABAG*
Kung may nangyaring paglabag sa alinman sa iyong protektadong impormasyon tungkol sa kalusugan, may karapatan kang makatanggap ng abiso; aabisuhan ka namin at magbibigay ng tagubilin para sa mga karagdagang aksiyon na dapat mong gawin, kung mayroon man.

*PARA SA PAGGAMOT, PAGBABAYAD, AT PAGPAPATAKBO*
Pinahihintulutan namin ang pag-access ng ibang mga kalahok na miyembro sa iyong medikal na impormasyon upang mabigyan ka nila ng medikal na paggamot o mga serbisyo. Ang medikal na impormasyon tungkol sa iyo ay maaaring isiwalat sa mga doktor, nars, technician, mga mag-aaral sa pangangalagang pangkalusugan, o iba pang mga tauhan na kasangkot sa pangangalaga sa iyo, pagpapatakbo ng kanilang negosyo, at mga pagbabayad para sa iyong mga paggamot.

*GAYA NG INIAATAS NG BATAS*
Isisiwalat namin ang medikal na impormasyon tungkol sa iyo kapag iniaatas ng pederal, estado, at/o lokal na batas na gawin ito.

<u>MGA NATATANGING KALAGAYAN</u>

*MGA AKTIBIDAD NA MAY KAUGNAYAN SA PAMPUBLIKONG KALUSUGAN*
Maaaring isiwalat ang medikal na impormasyon tungkol sa iyo para sa mga aktibidad na may kaugnayan sa pampublikong kalusugan ayon sa pinahihintulutan ng pederal, estado, at mga lokal na batas, mga panuntunan, at mga regulasyon.

*MGA AKTIBIDAD NA MAY KAUGNAYAN SA PANGANGASIWA NG KALUSUGAN*
Maaari naming isiwalat ang medikal na impormasyon sa isang ahensyang nangangasiwa sa kalusugan para sa mga aktibidad na pinahintulutan ng batas. Kabilang sa mga aktibidad sa pangangasiwang ito, halimbawa, ang mga pag-audit, pagsisiyasat, at/o mga inspeksiyon.

*MGA PAGSASAMPA NG KASO AT HINDI PAGKAKASUNDO*
Kung kasangkot ka sa isang kaso o hindi pagkakasundo, maaari naming isiwalat ang medikal na impormasyon tungkol sa iyo bilang pagtugon sa utos ng korte o administratibong utos. Maaari rin namin isiwalat ang medikal na impormasyon na tungkol sa inyo bilang pagtugon sa isang subpoena, kahilingan ng pagtuklas, o ibang

prosesong naaayon sa batas ng iba pang taong sangkot sa hindi pagkakasundo, ngunit kung nagsumikap lamang na ipaalam sa iyo ang tungkol sa kahilingan (na maaaring samahan ng nakasulat na paunawa sa iyo) o upang humiling ng utos na pumuprotekta sa hiniling na impormasyon.

ANG IYONG MGA KARAPATAN UKOL SA MEDIKAL NA IMPORMASYONG TUNGKOL SA IYO

Mayroon kang mga sumusunod na karapatan tungkol sa medikal na impormasyong pinapanatili namin tungkol sa iyo:

*KARAPATAN SA PAGLALAHAD NG MGA PAGSISIWALAT*

May karapatan kang humiling ng "paglalahad ng mga pagsisiwalat." Isa itong listahan ng mga pagsisiwalat na ginawa ukol sa medikal na impormasyon tungkol sa iyo para sa mga layunin ng paggamot, pagbabayad at mga pagpapatakbo sa pangangalagang pangkalusugan, at sa iba pang mga pagbubukod alinsunod sa batas.

Upang hilingin ang listahang ito o paglalahad ng mga pagsisiwalat, dapat mong isumite ang iyong kahilingan sa pagsulat sa SacValley MedShare, P.O. Box 9217, Chico, CA 95927-9217. Ang iyong kahilingan ay dapat magsaad ng yugto ng panahon na hindi maaaring lalampas sa anim na taon. Dapat ipahiwatig ng iyong kahilingan kung anong anyo ng listahan ang gusto mo (halimbawa, sa papel o elektroniko). Bilang karagdagan, aabisuhan ka namin gaya ng iniaatas ng batas kung ang iyong impormasyong pangkalusugan ay na-access o isiniwalat nang labag sa batas.

*KARAPATAN SA PAPEL NA KOPYA NG PAUNAWANG ITO*

May karapatan kang magkaroon ng papel na kopya ng paunawang ito. Maaari kang humiling sa amin na bigyan ka ng kopya ng paunawang ito anumang oras. Kahit na sumang-ayon kang tanggapin ang paunawang ito sa elektronikong paraan, karapat-dapat ka pa ring tumanggap ng papel na kopya ng paunawang ito.
Maaari ka ring makakuha ng kopya ng paunawang ito sa aming website: www.sacvalleyms.org
Upang makakuha ng papel na kopya ng paunawang ito: magpadala ng elektronikong mensahe sa: info@sacvalleyms.orgat siguraduhing isama ang address kung saan ito ibabalik sa koreo.

MGA PAGBABAGO SA PAUNAWANG ITO

Nakareserba sa amin ang karapatang baguhin ang paunwang ito. Nakareserba sa amin ang karapatang gawing epektibo ang nirebisa o binagong paunawa para sa medikal na impormasyong mayroon na kami tungkol sa iyo pati na rin ang anumang impormasyong matatanggap namin sa hinaharap. Magpo-post kami ng kopya ng

kasalukuyang paunawa sa aming website: www.sacvalleyms.org Maglalaman ang paunawa ng petsa ng pagkabisa sa footer ng bawat pahina.

## MGA REKLAMO

Kung naniniwala kang nalabag ang iyong mga karapatan sa pagkapribado, maaari kang magsampa ng reklamo sa SacValley MedShare o sa Kalihim ng Department of Health at Human Services ng U.S.. Upang magsampa ng reklamo sa SacValley MedShare, mangyaring ipadala ang iyong reklamo sa: SacValley MedShare, P.O. Box 9217, Chico, CA 95927-9217. Ang lahat ng reklamo ay dapat isumite nang nakasulat.

*Hindi ka parurusahan dahil sa pagsampa ng reklamo.*